Serbisyo ng Tagapagsalin (Interpreter) ng Pangangalagang Pankalusugan ng NSW

TAGALOG | NSW Health Care Interpreter Service

1. **Paano ako matutulungan ng tagapagsalin?**
   Ang tagapagsalin ay tumutulong sa pasyente na makipag-ugnayan sa mga mga propesyonal na tauhan ng pampubliskong sistema ng pangkalusugan sa NSW - kasama na rito ang ospital, Sentro ng Kalusugang Pankomunidad o Sentro ng Murang Kabataan. Ang tagapagsalin ay puwedeng pumunta sa bahay ng pasyente para magsalin sa pankomunidad na nars o social worker na gumagawa ng pagbisita sa bahay. Ang serbisyong ito ay libre.

2. **Bakit importante na gamitin ang propesyonal na tagasalin?**
   Dahil sa sila ay may nararapat na kuwalipikasyon at matatas na nagsasalita ng iyong wika at ng inglis. Sila ay hinasang umintindi ng mga salitang medikal at alam nila ang palakad ng sistema ng pangkalusugan pampubliko.

3. **Ang Serbisyo ba ay kompidensyal?**
   Oo. Ang tagapagsalin, tulad ng ibang propesyonal na manggagawa, ay tumutupad sa mahigpit na alituntunin at hindi dapat na pag-usapan ang iyong karamdaman or problema sa ibang tao.

4. **Ang Serbisyo ba ay makukuha matapos ng oras ng opisina?**
   Oo, sa kalimitang mga pagkakataon, lalo na kung emergency. Ang Serbisyo ng Tagapagsalin ng Pangangalagang Pangkalusugan ay nagbibigay ng 24-oras na serbisyo.

5. **Bakit importante ng sundin ko ang ang aking oras ng appointment?**
   Ang tagapagsalin ay kinakasundo sa pamamagitan ng appointment. Dahilan sa maraming nangangailangan ng tagapagsalin sa sistema ng pangkalusugan, importante na dumating ka sa oras ng iyong appoyntment.

6. **Puwede ko bang gamitin ang Tagapagsalin ng Pangangalagang Pangkalusugan sa pamamagitan ng telepono?**
   Ang Tagapagsalin ng Pangangalagang Pangkalusugan ay puwedeng gamitin sa telepono sa oras ng opisina. Kung hindi sila puwede, tawagan ang Translating at Interpreting Service sa 131450. Ang TIS ay puwede kang ipakausap sa tagapagsalin na nagsasalita ng iyong lengguahe sa anumang oras, umaga o gabi.

7. **Paano ako makakakuha ng tagapagsalin?**
   Puwede mong kausapin ang tauhan ng serbisyo ng naglilingkod sa iyo na maglaan ng tagapagsalin para sa iyo, o kaya puwede mo silang tawagan ng diretso. Para makipag-ugnayan sa Serbisyo ng Tagapagsalin ng Pangangalagang Pangkalusugan, tawagan ang:

Central and South Eastern Sydney
(02) 9515 3222 After Hours (02) 9515 9500

Northern Sydney
(02) 9926 7560 After Hours (02) 9926 6500

South Western Sydney
(02) 9828 6088 After Hours (02) 9616 8111

Western Sydney and Wentworth
(02) 9840 3456 After Hours (02) 9840 3456

Hunter
(02) 4924 6285 After Hours (02) 4921 3000

All country areas of NSW
except Greater Murray and Southern
1800 674 994 After Hours 1800 674 994

Illawarra
(02) 4274 4211 After Hours (02) 4274 4211

Greater Murray and Southern
1800 247 272 After Hours (02) 1800 247 272



NSW HEALTH

(HPA) 980100